


Filipino sa Piling Larang (Isports)

**Ikalawang Markahan-Modyul 6:
Kritika ukol sa Rebyu ng Sports Analyst**



Filipino sa Piling Larang (Isports)

Alternative Delivery Mode

Ikalawang Markahan – Modyul 6: Kritika ukol sa Rebyu ng Sports Analyst Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Pinky O.L. Gomez
Editor: John Albert B. Colle
Tagasuri: Mariel Eugene L. Luna

Tagaguhit: Pinky O.L. Gomez
Tagalapat: May L. Borjal
Tagapamahala: Malcolm S. Garma
Dr. Jennifer F. Vivas
Dennis M. Mendoza
Micah S. Pacheco
Madeline Ann L. Diaz
Dr. Gina U. Urquia
Mariel Eugene L. Luna

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – NCR

Office Address: Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
Telefax: 02-929-0153
E-mail Address: depedncr@deped.gov.ph

Filipino sa Piling Larang (Isports)

Ikalawang Markahan-Modyul 6: Kritika ukol sa Rebyu ng isang Sports Analyst

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino sa Piling Larang (Isports) - Baitang 12 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Kritika ukol sa Rebyu ng Isang Sporst Analyst**.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayanang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap Filipino sa Piling Larang (Isports) - Baitang 12 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Kritika ukol sa Rebyu ng isang Sports Analyst**.

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



Alamin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



Subukin

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawanang bahaging ito ng modyul.



Balikan

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



Suriin

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



Pagyamanin

Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



Isaisip

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



Isagawa

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



Tayahin

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



Susi sa Pagwawasto

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng mga pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!




Alamin

Ang pamahayagang pang-isport ang nagsisislabing daan upang makilala ng isang tao ang isang atleta na lubos niyang hinahangaan at sinusubaybayan. Bukod sa husay ng paglalaro interesado din ang mga tao na malaman ang buhay at pinagdaanan ng atletang kaniyang hinahangaan lalo na ang mga tagumpay na nakamit.

Tatalakayin sa modyul na ito ang Sports Column o Kolum sa Sports

Sa araling ito, matutuhan mo ang ilang mahahalagang bagay na makakatulong sa iyong pag-aaral. Inaasahang malilinang mo ang mga kasanayang ito:

1. Naipaliliwanag ang kahalagahan, kalikasan, at proseso ng piniling anyo ng sulating pang-isports (CS_FI11/12PS-0j- 1-94)
2. Nakasusulat ng sulating batay sa maingat, wasto at angkop na paggamit ng wika (CS_FI11/12WG-0m-o-96)
3. Nakapagsasaliksik ng datos kaugnay ng isusulat na piniling anyo ng sulating pang- isports (CS_FI11/12EP- 0m-o-44)
4. Naisasaalang-alang ang etika sa binubuong sulating pang-isports (CS_FI11/12PU-0m-o-101)



Subukin

Panuto: Piliin ang letra ng pinakatamang sagot at isulat ito sa patlang.

- _____ 1. Ito ay personal na pananaw ng isang columnist tungkol sa isang partikular na usapin kaya madalas na ito ay may pagkiling.
- | | |
|------------------|---------------------|
| A. Sports Column | C. Sports Editorial |
| B. Game Analysis | D. Sports News |
- _____ 2. Kadalasang ang mga manunulat na binibigyan ng pagkakataong sumulat ng kolum ay ang mga _____ nang nagsusulat tungkol sa sports.
- | | |
|-------------|-------------|
| A. matagal | C. bihasa |
| B. beterano | D. eksperto |
- _____ 3. Ang sports columnist ay mayroon ding _____ na kaalaman sa iba't ibang paksa sa sports.
- | | |
|------------|------------|
| A. malawak | C. malalim |
| B. mahusay | D. marami |
- _____ 4. Ang columnist ay nagtataglay ng _____ sa kaniyang mga sinusulat. Ito ang kaniyang boses na nais iparating sa mga mambabasa.
- | | |
|-------------|-----------|
| A. kaalaman | C. estilo |
| B. talino | D. motibo |
- _____ 5. May katangiang _____ ang isang sports column. Minsan ay mga sensitibong isyu ang hinihimay ng mga columnist na nangangailangan ng malalim na pananaliksik tulad ng pagkuha ng iba't ibang panig at perspektiba sa isyung tinatalakay.
- | | |
|-------------------|----------------|
| A. analitikal | C. aktuwal |
| B. kontrobersiyal | D. sikolohikal |

Aralin

4

Kritika Ukol sa Rebyu ng Isang Sports Analyst

Ang kolum sa Isport o Sport Column ay isang artikulong nagbibigay ng opinyon sa isang paksa. Subalit tandaan na kahit ito ay opinyon lamang nangangailanagn ito ng pananaliksik at paghahanda upang maging epektibo ang susulating akda. Nanganagailangan ito ng mas maingat na pagsulat dahil ang pagpapabaya sa paglalahad ng isang partikular na opinyon sa isang partikular na usapin ay maaring magresulta ng kapahamakan sa manunulat.

Sports analyst ang tawag sa sumusulat ng mga game analysis. Kinakailangan taglay niya ang sumusunod :

- ✓ May malawak na kaalaman sa larong tinatalakay
- ✓ Nakapgbibigay ng ibang mukha o anggulo na hindi agad nakikita sa isang laro.
- ✓ Hinihimay na mabuti ang mga pangyayari sa laro upang palawakin ang pagkakaunwa ng mga mamababasa sa larong pinag-uusapan.
- ✓ Ang wikang gagamitin ay dapat makapupukaw sa knilang interes.



Balikan

Ano-ano ang mga dapat tandaan sa pagsulat ng sanaysay ukol sa proseso ng pagsasagawa ng isang anyo ng isports?



Mga Tala para sa Guro

Tandaan: Tiyaking nauunawaan at masunod ng mga mag-aaral ang mga panuto sa pagsasagot. Makatutulong kung basahin munang mabuti ng mga mag-aaral ang lahat ng bahagi at panuto bago ito simulan. Ipinaaalala rin ng guro ang pagpapahalaga sa katapatan sa pagsasagot at pagwawasto nito.



Tuklasin

Ang Sports Column o Kolum sa Sports

Ayon kina Orellan at Anot (2017), ang sports column ay personal na pananaw ng isang kolumnista tungkol sa isang partikular na usapin kaya madalas na ito ay may pagkiling. Ngunit hindi lamang ito simpleng pagkiling sa isang usapin. Kailangang batay ito sa malalim na saliksik at matalinong pagtalakay sa paksa.

Kadalasan, ang mga manunulat na binibigyan ng pagkakataong sumulat ng kolum ay ang mga beterano nang nagsusulat tungkol sa sports o di kaya'y ang mismong editor ng seksyon. Sila ang mga taong mayroon nang mahabang karanasan sa pagsusulat.

Bukod sa husay nila sa pagsulat bunga ng mahabang karanasan, ang sports columnist ay mayroon ding malalim na kaalaman sa iba't ibang paksa sa sports. Malawak din ang kanilang network dahil sa haba ng taon sa pagsusulat at gamay na nila ang wikang ginagamit dito. Kaya naman ang sports columnist ay isa sa pinakamahuhusay na manunulat ng seksiyon.

Ang kolumnista ay nagtataglay ng motibo sa kaniyang mga sinusulat. Ito ang kaniyang boses na nais iparating sa mga mambabasa. Marami ang posibleng maging motibo ng isang kolumnista: ang papaniwalain ka, salungatin ang dati mong paniniwala, aliwin ka, inisin ka, o kung ano pa man. Kung magagawa ito ng isang kolumnista sa kaniyang mambabasa, tagumpay siya sa kaniyang pakay.

Maraming katangian ang isang sports column. Maaaring ito ay analitikal o nagbibigay ng malalim na pagtalakay o analysis ng isang partikular na isyu. Possible ring naglalarawan lamang ito ng isang isyu at inilalatag sa mambabasa ang buong kuwento ng usapin.

May katangiang kontrobersiyal ang isang sports column. Minsan ay mga sensitibong isyu ang hinihimay ng mga kolumnista na nangangailangan ng malalim na pananaliksik tulad ng pagkuha ng iba't ibang panig at perspektiba sa isyung tinatalakay.

May mga pagkakataon na ang kolum ay hinahaluan ng humor upang makaakit ng mga mambabasa. Maaaring satirikal ang paraan o di kaya'y nagpapatawa sa matalinong paraan. Isang paraan ito upang maging interesado ang mga tao na basahin ang kolum at pag-isipan ang paksang tinatalakay nito.

Ang pagiging boring o nakababagot ang matinding kalaban ng isang sports column. Kung wala itong emosyon na naipararating sa mga mambabasa, bigo ito sa kaniyang tungkulin. Haman sa kolumnista na mag-isip ng mga paraan kung paano pupukawin ang interes ng mga mambabasa. Bukod dito, kailangang may maiwang damdamin sa mga mambabasa matapos basahin ang artikulo.

Sa sports column, kung gayon, importante ang motibo, ang damdaming nais iparating at ang paghuli sa interes ng mga mambabasa.

Mga Gabay sa Pagsulat ng Kolum sa Isport

1. Tukuyin ang paksang tatalakayin (nakabatay ito sa opinion ng manunulat) -kailangan alamin ang pananaw ng buong seksyon ng isyung tatalakayin.
2. Magsaliksik ng mga artikulong nalimbag na tungkol sa isyung tatalakayin sa kolum. Makatutulong ito sa pagpapalalim ng isyung isusulat.
3. Maging tiyak at malinaw sa paninindigang binibigyan ng diin.(magsaliksik na mga datos upang magbigay suporta dito)
4. Maging sensitibo sa kabuuan ng isyu at iwasan ang magpahamak ng tao o oragnisasyon.
5. Sikaping maging analitikal, matalino at kritikal sa pagsulat ng kolum sa isports. Gumamit ng mga salitang makakukumbinsi sa mambabasa.
6. Siguruduhing Pulido an pagkakasulat ng kolum.Ang kawasyuan ng nilalaman at graatika ang magpapatibay ng kredibilidad nito.



Suriin

Panuto: Basahin ang isang artikulo at sagutin ang mga tanong kasunod nito.

Manny Pacquiao wagi kontra Keith Thurman

ABS-CBN News

Posted at Jul 21 2019 01:37 PM | Updated as of Jul 21 2019 07:53 PM

(UPDATE) Nanaig ang kamao ni Manny Pacquiao sa laban nila ni Keith Thurman nitong Linggo (Manila time) sa Las Vegas, Nevada sa Amerika.

Panalo ang binansagang "Pambansang Kamao" sa pamamagitan ng split decision at nakuha ang World Boxing Association (WBA) welterweight championship.

Nagbigay ng 114-113 ang isang judge para kay Thurman habang 115-112 naman ang 2 judge pabor kay Pacquiao.

Unang round pa lang ay agresibo agad si Pacquiao na nagpakawala ng body shot at hook combo.

Bumagsak ang Amerikanong boksingero pero na-survive ang round.

Nagpatuloy ang aggressive punching ni Pacquiao sa ikalawang round at ipinakita ang mabilis na footwork.

Sa ikalimang round, nakapasok ang mga right straight ni Thurman at natamaan din si Pacquiao.

Umarangkada pa si Thurman sa iba't ibang klaseng suntok sa ikaanim at ikapitong round.

Malaking round para kay Pacquiao ang ika-10 round nang magbitiw siya ng left hook sa tagiliran ni Thurman. Muntik bumagsak si Thurman pero nanatiling nakatindig bagaman nasaktan.

Sa huling 2 round ay humina si Thurman pero lumaban hanggang sa closing bell.

Ayon sa 40 anyos na si Pacquiao, hindi madaling makalaban si Thurman, na 10 taon ang bata sa kaniya.

"He did his best, and I did my best, so the people are happy... he's not an easy opponent. He's a good boxer, he's strong," sabi ni Pacquiao.

Pinuri rin ni Pacquiao si Thurman sa press conference dahil sa tibay, bigat ng suntok at tapang nito.

"This guy, he can fight," aniya.

Ito ang ika-62 panalo ni Pacquiao. Unang beses naman itong matalo ni Thurman sa kaniyang karera.

Para sa 4-division world champion na si Nonito Donaire Jr., hanga siya kay Thurman at lalo kay Pacquiao na nagmukhang bumata sa ring.

"You gotta give it up to Thurman. He's an undefeated guy, a young guy. He showed up there but Manny came in and did his thing," ani Donaire.

Nagpasalamat din ang ina ni Manny na si Dionisia Pacquiao sa lahat ng sumuporta sa kaniyang anak.

Inamin din ni Dionisia na hindi niya halos pinanood ang laban.

"Hindi ako nanood, nagdasal ako," aniya.

Kasama rin sa mga nanood ng laban sina Floyd Mayweather, NBA finals MVP Kawhi Leonard, at ang huling nakalaban ni Pacquiao na si Adrien Broner.

Ayon naman sa mga analyst, susi sa panalo ni Pacquiao ang tibay ng resistensiya at bilis niya sa buong laban.

"I was really amazed with the pace he (Pacquiao) kept up... I thought it was magnificent," anang boxing columnist na si Kevin Iole.

Malaking bagay din daw ang knockdown kay Thurman sa unang round.

"I think the age was really a factor pero nakita natin, dito naman pumasok 'yong experience ni Manny Pacquiao," sabi ng analyst na si Ed Tolentino.

"The knockdown was very crucial. Lumalabas sa score cards, kung hindi na-knockdown ni Pacquiao si Thurman, baka naging majority draw o tabla pa," ani Tolentino.


Pinagkunan: <https://news.abs-cbn.com/sports/07/21/19/manny-pacquiao-wagi-kontra-keith-thurman>

Mga Gabay na Tanong:

1. Pansinin ang paraan ng paggamit ng wika ng sumulat. Anong pamamaraan ang ginamit ng manunulat sa pagsulat ng kaniyang kolum? Ilarawan ito.

2. Sa iyong palagay, naging matapat ba siya sa kaniyang mga isinulat na detalye? Batay ba ito sa mga katotohanan lamang? Nagbigay ba siya ng kaniyang personal na opinyon sa mga pangyayari? Ipaliwanag.

3. Naging matalas ba ang mata at pakiramdam ng sumulat batay sa mga inilahad niyang detalye ng laro? Naging mausisa ba ang sumulat? Ipaliwanag.




Pagyamanin

Panuto: Pumili ng isang pangyayari sa ibaba at gumawa ng sports column tungkol dito. (Maaari din ang larong napanood sa telebisyon sa internet). Maaaring magdagdag ng mga detalye upang suportahan ang inyong argumento .Gamitin ang kahon sa ibaba.

- ❖ Pagkapanalo ni Hidilyn Diaz ng gold medal sa 2021 Tokyo Olympics. Siya nag kauna-unahang pinoy na nag-uwe ng gintong medalya sa Pilipinas
- ❖ Pagkatalo ni Manny Pacquiao kay Yordenis Ugas sa laban ni noong Agosto 21,2021
- ❖ Nabigong maidepensa ng inyong paaralan ang division title sa basketball dahil sa kakulanagn ng panahong mag-ensayo at suporta ng paaralan.

<i>Sports Column</i>	Pangyayari:
Pamagat	



Isaisip

Ipaliwanag kung ano ang sports column. Isa-isahin ang mga katangian at ang manunulat nito.



*Ilagay sa bahaging ito ang siniping rebyu ng isang sports analyst. Isulat ang sanggunian nito.


This image shows a single sheet of white paper with horizontal blue or grey ruling lines. The lines are evenly spaced and run across the width of the page. There are approximately 20 lines visible. The paper has a slight shadow on its right side, suggesting it's resting on a surface.



Tayahin


Panuto: Piliin ang letra ng pinakatamang sagot.

- _____ 1. Ang sports column ay personal na pananaw ng isang kolumnista tungkol sa isang partikular na usapin kaya madalas na ito ay may _____.
- | | |
|---------------|-------------------|
| A. paghuhusga | C. pagsasamantala |
| B. pagkiling | D. pagmamalabis |
- _____ 2. Malawak ang _____ ng mga kolumnista dahil sa haba ng taon sa pagsusulat at gamay na nila ang wikang ginagamit dito. Kaya naman ang sports columnist ay isa sa pinakamahuhusay na manunulat ng seksiyon.
- | | |
|-------------|-------------|
| A. kaalaman | C. network |
| B. sakop | D. nagagawa |
- _____ 3. Marami ang posibleng maging motibo ng isang kolumnista: ang papaniwalain ka, salungatin ang dati mong paniniwala, aliwin ka, inisin ka, o kung ano pa man. Kung magagawa ito ng isang kolumnista sa kaniyang mambabasa, tagumpay siya sa kaniyang _____.
- | | |
|------------|-------------|
| A. pakay | C. motibo |
| B. layunin | D. hangarin |
- _____ 4. Ang pagiging _____ ang matinding kalaban ng isang sports column. Kung wala itong emosyon na naipararating sa mga mambabasa, bigo ito sa kaniyang tungkulin.
- | | |
|----------------------|----------------|
| A. nakapanghihiakyat | C. nakasisiya |
| B. nakapang-aakit | D. nakababagot |
- _____ 5. Sa sports column, kung gayon, importante ang motibo, ang damdaming nais iparating at ang paghuli sa _____ ng mga mambabasa.
- | | |
|------------|----------|
| A. kiliti | C. nais |
| B. interes | D. gusto |



Karagdagang Gawain

Magsaliksik ng isang isyung pang-isports sa inyong paaralan. Sumulat ng isang Sports column tungkol dito. Interbyuhin ang mga taong sa tingin mo ay may kaugnayan sa isyung tatalakayin..Alamin din ang background ng isyu, kung bakit at paano ito nangyari. Matapos makuha ang kailangang impormasyon, pumili ng sariling panig sa isyu at ipahayag kung ano ang opinyon mo rito. Maging kritikal sa isyung atatalakayin.



Susi sa Pagwawasto

Tayahin

1. B
2. C
3. A
4. D
5. B

Subukin

1. A
2. B
3. C
4. D
5. B

Mga Sanggunian

Filipino sa Piling Larang-Isports (2016). Kagamitan ng Mag-aaral. Kagawaran ng Edukasyon. Republika ng Pilipinas.

Orellana, Joel L. at Juanito N. Anot, Jr. (2017). Filipino sa Piling Larangan (Sports). Manila: Rex Book Store.

Viola, Bennedick T. (2016). Filipino sa Piling Larangan (Isports). Malabon City: Jimczyville Publications.

<https://news.abs-cbn.com/sports/07/21/19/manny-pacquiao-wagi-kontra-keith-thurma>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph